


Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikatlong Markahan – Modyul 2

Pananagutan sa Katarungang Panlipunan



**Edukasyon sa Pagpapakatao– Ikasiyam na Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikatlong Markahan – Modyul 2: Pananagutan sa Katarungang Panlipunan
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyulna ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban samodyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Maria Ella T. Fernando
Editor: Janet N. Recamara, Filma B. Catalan
Tagasuri: Allan T. Garcia, Teresita C. Carbonilla
Tagalapat: Bernie Rojo Pamplona
Tagapamahala: Isabelita M. Borres
Eugenio B. Penales
Sonia D. Gonzales
Mildred D. Dayao
Aida F. Coyme

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region IX

Office Address: Regional Center, Balintawak, Pagadian City

E-mail Address: region9@deped.gov.ph

**Edukasyon sa
Pagpapakatao**
Ikatlong Markahan – Modyul 2
**Pananagutan sa Katarungang
Panlipunan**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.




Alamin

Sa unang Modyul, natutuhan mo ang mga palatandaan at naisuri ang mga paglabag ng Katarungang Panlipunan. Dito sa Modyul 2, mauunawaan mo na ang pakikipag-ugnayan o pag-babahagi ng iyong kaalaman at kakayahan sa iyong kapwa at lipunan ay tungkulin na dapat natin na magampanan. Mapauunlad ang iyong pamamaraan sa pagtugon sa pangangailangan ng iyong kapuwang mamamayan o lipunang kinabibilangan.

Sa modyul na ito, inaasahan na maipamamalas mo ang mga sumusunod na kaalaman, kakayahan at pag-unawa:

1. Napatutunayan na may pananagutan ang bawat mamamayan na ibigay sa kapwa ang nararapat sa kaniya.
2. Natutugunan ang pangangailangan ng kapwa o pamayanan sa mga angkop na pagkakataon.



Subukin

Gawain 1 PAGESUSURING PAGESUSULIT

(Upang masukat ang iyong dating kaalaman tungkol sa paksa)

Panuto: Basahin at unawain ang bawat pahayag. Pagkatapos, piliin ang titik ng pinakaangkop na sagot.

1. Ang katarungan ay pagbibigay sa kapwa ng nararapat sa kanya. Alin sa sumusunod na sitwasyon ang nagpapakita nito?
 - a. Kumakain ng sabay-sabay ang mga miyembro ng pamilya.
 - b. Pinapayuhan ang kapatid na gawin ang kanyang gawaing bahay.
 - c. Nagkakaroon ng “Feeding Program” ang paaralan para sa mga mag-aaral na kulang ng timbang.
 - d. Bumibili ang lahat sa paninda ng tindera sa palengke upang makauwi ito nang maaga.

2. Alin sa sumusunod ang angkop na kilos ng isang makatarungang tao?
 - a. Pinag-usapan ng mga manggagawa ang kasalukuyang nangyayari sa sistemang legal ng bansa.
 - b. Inaalam ng mga mag-aaral ang kanilang tungkulin at karapatan sa lipunan.
 - c. Binibisita ng guro ang mag-aaral na ayaw nang pumasok upang kausapin siya at ang kanyang mga magulang na bumalik ito sa pag-aaral.
 - d. Nagkikita-kita ang kabataang lalaki sa auditorium ng kanilang barangay tuwing Sabado ng hapon upang maglaro ng basketbol.

3. Ang sumusunod ay nagpapakita ng pag-unawa sa karapatan ng kapwa maliban sa _____.
 - a. Pag-unawa sa kamag-aral na palaging natutulog sa klase.
 - b. Paggabay ng magulang sa anak habang ito ay lumalaki.
 - c. Pagninilay sa mga nagawa sa buong araw bago matulog sa gabi.
 - d. Pagsisikap na gumawa ng mga mabubuting bagay para sa kapwa.

4. Ano ang pangunahing prinsipyo ng katarungan?
 - a. Pakikisalamuha sa kapwa
 - b. Paglilingkod sa karapatan ng naaapi
 - c. Pakikipagtulongan sa mga mayayaman at mga mahihirap
 - d. Pakikipag-ugnayan sa kapwa at kalipunan

5. Ano ang tamang pagtugon upang makamit ang Katarungan Panlipunan?
 - a. Ikulong ang lumabag sa batas.
 - b. Patawarin ang humingi ng tawad
 - c. Sumunod sa tamang proseso
 - d. Bigyan ng limos ang namamalimos

6. Bakit mahalagang maunawaan ang mga pagpapahalaga na kaugnay ng katarungang panlipunan? Base sa mga pagpipilian, aling pahayag ang maaaring angkop na sagot?
 - I. Malalaman mo kung bakit kaugnay ang mga ito sa katarungang panlipunan.
 - II. Makikita mo kung alin sa mga kaugnay na pagpapahalaga ang kailangan mo para sa iyong sarili.
 - III. Matataya ang mabisang paraan ng iyong pagsisikap na magpakatao at sa pagtugon sa hamon ng pagiging makatarungan sa kapwa
 - IV. Mapa-unlad ang kaalaman tungo sa pagtupad ng katarungang panlipunan.
 - a. I&II b. II&III c. IV&II d. III&IV

7. Alin sa mga sumusunod ang hindi makatarungang aksyon?
 - a. Ang pagbibigay ng bagsak na grado sa isang mag-aaral na hindi nakakatupad sa mga kakailanganin sa klase.
 - b. Ang pagbibigay ng limos sa namamalimos sa kalye.
 - c. Ang pagkulong sa mga nahuling kargador ng droga.
 - d. Ang pagsang-ayon sa maling pasya ng kaibigan

8. Alin ang isang patunay na may tungkulin ang bawat isa na tumulong sa mga nangangailangan?
 - a. Anuman ang mangyari sa iba ay may epekto sa ating lahat na kabilang sa lipunan.
 - b. Ang pagtulong sa mga nangangailangan ay nasasaad sa batas na umiiral sa lipunan.
 - c. Bilang isang mapanagutang indibiduwal, ang pagtulong sa kapwa ay tungkulin na hindi natin maitatangi.
 - d. Sa anumang pagkakataon nararapat na tayo ay tumulong sa mga nangangailangan.
 - e.

9. Anong bahagi o sangay ng lipunan ang may pananagutan sa pagpapanatili ng kaayusan at kapayapaan sa pamayanan?
 - a. Simbahan
 - b. Pamahalaan
 - c. Pamilya
 - d. Paaralan

10. Ngayong panahon ng pandemya, maraming naging biktima ng sakit ng COVID-19 dulot sa hindi pagsunod sa *health protocols*. Gayunpaman naging matatag ang samahan ng bawat isa sa pamilya at pamayanan. Naipadama ang pagmamalasakit at paggalang sa bawat isa sa pamamagitan ng pagsunod sa mga batas na ipanatutupad ng DOH at AITF. Aling mga pagpapahalaga ang naipamalas ng mga mamamayan sa sa lipunan sa nasabing sitwasyon?

- a. Pagkakaisa, Katotohanan at Pagmamahal
- b. Pagmamahal, Sipag at Kapayapaan
- c. Paggalang sa Dignidad, Tiyaga at Bukod-Tangi
- d. Pagkakaisa, Disiplina at Kapayapaan



Balikan

Batay sa iyong mga sagot o resulta ng pagtatasa, ano ang iyong natuklasan tungkol sa iyong sarili? Taglay mo ba ang katangian ng isang Makatarungang Tao?

Ang Modyul na ito ay binuo upang maunawaan mong mabuti ang mga pananagutan ng bawat mamamayan sa kanyang kapwa at sa lipunan. Dapat mong ibigay kung ano ang nararapat at dapat mong isabuhay sa pang araw-araw na gawain ang mga pagpapahalaga ng isang taong makatarungan. Inaasahan na sa iyong pagsagot sa iba't ibang gawain sa modyul na ito, malilintang sa iyo ang mga pagpapahalagang tutulong para sa pagpapabuti at pagpapaunlad ng iyong pagkatao.

Sagutin ang bawat aytem sa talahanayan sa ibaba, Isaalang-alang ang mga ginagawa mo sa kasalukuyan at hindi ang mga gusto mong gawin. Lagyan ng tsek (✓) ang hanay na angkop sa iyo.

Mga Palatandaan ng pagiging Makatarungang Tao	Ako Ito	Hindi Ako Ito
Isinasaalang- alang ko ang mga karapatan ng mga tao sa aking paligid.		
Inuunawa ko ang bawat sitwasyon sa obhektibong paraan upang makakilos nang makatarungan ayon sa hiningi ng sitwasyon.		
Kahit alam ko kung ano ang nararapat para sa akin ay maaari akong magparaya alang-alang sa mas nangangailangan nito.		
Handa akong magbigay ng aking sarili upang makatulong sa pagpapabuti ng kapakanan o buhay ng aking kapwa.		
Kinikilala ko ang mga karapatan ng bawat miyembro ng aming pamilya.		

Kinikilala ko at iginagalang ang mga karapatan ng ibang tao: sa paaralan, sa trabaho, sa aming barangay, o sa bansa.		
Itinataya (commit) ko ang aking sarili sa kasunduang mayroon ako at ang aking mga kaibigan.		
May kamalayan ako kung anong karapatan ang dapat kong igalang lalo na ang may kaugnayan sa likas na batas moral.		
Tinutupad ko ang aking mga pangako at mga komitment sa buhay.		
Nauunawaan ko na ang pagsalungat, pagbatikos, at pagpuna sa iba na kulang ng batayan ay kawalan ng katarungan.		

Base sa iyong mga sagot sa talahanayan, masasabi mo bang naging isang mapanagutang miyembro ka ng iyong pamilya at pamayanan? Patunayan. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.




Tuklasin

Gawain 2

Panuto: Basahin ang maikling kuwento ukol sa buhay ng isa sa ating mga dakilang bayani na si Andres Bonifacio na siyang tinaguriang “Ama ng Katipunan” o *Father of the Philippine Revolution*. Ang nagpatatag at lumaon naging *Supremo* ng kilusang Katipunan. Umaasa akong maiuugnay mo ang mga aral na makukuha sa kuwentong ito sa iyong buhay at pang-araw-araw na gawain.

Sa Kabila ng Kahirapan



Maagang naulila sa mga magulang si Andres Bonifacio. Sa murang gulang ay natutuhan na niyang maghanapbuhay at gamitin ang anomang kakayahang ipinagkaloob sa kanya ng Diyos.

Ayon sa mga tala ukol sa kanyang buhay, siya ay naghanapbuhay upang suportahan ang kanyang mga kapatid. Sa gulang na labing-apat na taon, siya na ang tumayong magulang sa mga ito. Gumagawa siya ng mga tungkod na kahoy at pamaypay at ibinebenta ang mga ito sa lansangan.

Nagtrabaho siya bilang klerk-mensahero sa isang bahay-kalakal. Dahil sa angking kasipagan at katapatan, naiangat siya sa posisyon bilang ahente. Ang kinikita niya ang nakatulong upang matugunan nilang magkapatid ang pang-araw-araw na pangangailangan.

Sa kabila ng limitadong edukasyon dala ng kahirapan, pinilit pa rin niyang matuto sa pamamagitan ng sariling pagsisikap. Nanghihiram siya ng mga aklat at binasa ang mga ito. Ilan sa mga nabasa niyang nobela na nakaimpluwensiya sa kaniyang paniniwalang political ay ang *Les Miserables* ni Victor Hugo, *Noli Me Tangere at El Filibusterismo* ni Dr. Jose Rizal, *History of the French Revolution*, *The Wandering Jew* at iba pa.

Hindi naging hadlang kay Andres Bonifacio ang anomang limitasyong materyal upang magawa niya ang kanyang layunin sa buhay (*Project EASE: Edukasyon sa Pagpapahalaga III, Modyul 13, p. 5*).

Mga katanungan:

1. Anu-anong pagpapahalaga ang naipakita ni Andres Bonifacio?

2. Papaano hinarap ni Andres Bonifacio ang kahirapan sa buhay?

3. Ano ang ginawa ni Andres Bonifacio na nagpapakita ng pananagutan sa pamilya?

4. Nakatulong ba ang ginawa ni Andres Bonifacio sa kanyang pamilya para sa lipunan? Patunayan.



Suriin



Mga gabay na katanungan:

- *Lagi bang ipinapaalala ng iyong mga magulang sa iyo na kailangan mong gawin ang mga makatarungang bagay sa iyong pakikipag-ugnayan sa iba? Ginagabayan ka ba nila upang maiwasan mo ang hindi makatarungang gawain?*
- *Ipinauunawa ba nila sa iyo kung ano ang ibig sabihin ng paggalang sa kapwa? Kaugnay nito, tinutulungan ka ba nila na sanayin ang iyong sarili tulad ng paghiram ng isang bagay na pagmamay-ari ng iyong kapatid kung gusto mong gamitin?*
- *Nililinaw ba nila sa iyo ang pagkakaiba-iba ng mga sirkumstansiya ng iba-t ibang tao lalo na ang mga nakapaligid sa iyo?*
- *Tinuturuan ka ba nila ng pagiging mapagtimpi o pagkakaroon ng pagkontrol sa sarili at pagsasaayos ng iyong mga pagkakamaling nagagawa sa pakikipag-ugnayan mo sa iba?*

Mga Kaugnay na Pagpapahalaga

1. **Dignidad ng Tao**- ang tao ay may dignidad hindi dahil sa kanyang pag-aari, posisyon sa lipunan o mga nakakamit sa buhay, kundi dahil sa kanyang pagkatao. Bukod-tangi sa lahat ng mga nilalang dahil nilikha siya na may isip at kalayaan. May dignidad ang tao dahil *may halaga siya*.
2. **Katotohanan**- ang isang pagpapahalaga upang makamit ang Katarungang Panlipunan. Katotohanan kung saan kinakailangan tingnan ang kabuuan ng isang sitwasyon. Ito ay mag-uudyok sa iyo na handa mong ibigay ang iyong sarili dahil ito ay may kabuluhan sa iyong buhay at sa buhay ng iyong kapwa. Ito ay hindi isang simpleng opinion lamang dahil hindi mo maitataya ang iyong pagkatao at buhay sa isang opinion lamang. Ito ay ang pag-unawa na may iba pang apektado sa sitwasyon, hindi lamang ikaw. Inuunawa at pinagninilayan ang sitwasyon upang makita ang katotohanang nakakubli rito. May kasama ka sa kinasasangkutanang sitwasyon at hindi makabubuti sa mga kasama mo na ikaw lamang ang masusunod at maging sunud-sunuran lamang sila sa iyo. Upang matugunan ang pangangailangan ng katarungang panlipunan, kailangan mong makipag-usap at makipagdiyalogo sa iba pang sangkot sa sitwasyon.
3. **Pagmamahal**- ang katarungan ay walang kinikilingan dahil gabay nito ang diwa ng pagmamahal na siyang likas sa tao. Kung mawawala ang



pagmamahal, paano na ang tao? Ano ang mangyari sa katarungan? Ang pagmamahal ay isang aktibong pagkalinga sa kapwa na nagpapaunlad sa kanyang mga kakayahan bilang tao. Ito ay hindi lamang isang simpleng pag-iwas na makasakit o makapinsala sa kapwa , kundi ito ay positibong paglapit sa kanya upang samahan at suportahan siya sa pagtubo bilang tao at sa pagpapa-unlad niya ng kanyang mga potensiyal. Ang Pagmamahal ay siyang puso ng pagkakaisa.

4. **Pagkakaisa**- Makatutulong ang pagtanggap sa katotohanan na tayong mga Pilipino ay sama-samang namumuhay sa iisang bansa lamang. Sa pandaigdigang sitwasyon, makita sana ng lahat ng mga bansa na magkakaiba man ang lahi, lahat ay namumuhay naman sa iisang daigdig. Samakatuwid, kailangan na maging bukas tayo at handang isakripisyo ang ating pansariling adhikain para sa pagkakaisa tungo sa kabutihang panlahat.
5. **Kapayapaan**-Sa iyong ugnayan sa kapwa at sa kalipunan, makabubuting tahakin mo ang landas ng katarungan at pagmamahal lalo na para sa mga mahirap at mahina tungo sa pagkakaroon ng kapayapaan. Ang pagmamahal ay magbubunga ng kapayapaan sa pamamagitan ng mapayapang paraan at hindi ng sandatahan. Ang kapayapaan ay hindi nangangahulugan ng kawalan ng kaguluhan o sa pagkakaroon ng parehong kapangyarihan ng mga bansa. Ang kapayapaan ay ang pagkakaisa sa puso ng mga tao at sa panlipunang kaayusan ng katarungan.

Maitataguyod mo ang katarungang panlipunan sa pamamagitan ng pagbibigay mo sa iyong kapwa ng nararapat sa kanya. Ito ay tanda ng paggalang mo sa kaniyang dignidad bilang tao. Ang pagiging makatarungan sa kapwa tao ay nagsisimula at sinasanay sa pamilya. Ibinabatay ang makatarungang ugnayang ito sa moral na kaayusan ng lipunan. Pinatitibay ang pag-iral ng katarungang panlipunan sa pamamagitan ng pagsasabuhay ng mga kaugnay na mga pagpapahalaga na daan tungo sa kabutihang panlahat.

Gawain:

Sa gawaing ito, subukin mong magbigay ng sitwasyon batay sa iyong naranasan na nagpapakita ng pagpapahalaga na may kaugnayan sa pagiging mapanagutan sa katarungan panlipunan. Gawing gabay ang natutunan sa aralin. Isulat ang sagot sa kwaderno o sagutang papel.



Pagyamanin

Gawain 3

A. Panuto: Suriin ang pangungusap o parirala sa bawat aytem. Isulat ang salitang **TAMA** kung ito ay pagpapatunay na Pagtugon sa Kapwa/Lipunan. At **MALI** kung ito ay hindi Pagtugon sa Kapwa/Lipunan. Isulat ang iyong sagot sa patlang bago ang bilang.

- _____ 1. Pagboboluntaryo na tumulong sa pamayanan.
- _____ 2. Paggamit sa pondo ng barangay para sa pansariling interes.
- _____ 3. Pagsisinungaling sa guro ng iyong kklase.
- _____ 4. Pagbibigay ng tamang pasweldo sa mga empleyado.
- _____ 5. Nagbibigay ng payo sa kaibigang nakagawa ng maling pasiya.
- _____ 6. Nagbebenta ng hindi sakto sa timbangan.
- _____ 7. Naglalaan ng panahon sa pakikinig sa isang kaibigan.
- _____ 8. Nangongopya sa kklase tuwing may pagsusulit.
- _____ 9. Tumutulong sa guro sa pagtuturo ng remedial classes.
- _____ 10. Pagtikom ng bibig sa nakitang pananakit ng isang kamag-aral.

B. Sagutin ang mga tanong:

1. Base sa iyong mga sagot, magbigay ng iyong sariling pakahulugan para sa pagtugon at di-pagtugon sa kapwa / lipunan.

2. Bilang mag-aaral na nasa ika-9 na baitang, ano-ano ang mga pagpapahalagang taglay mo na nagpapatunay sa pagtugon ng pangangailangan ng kapwa o pamayanan sa mga angkop na pagkakataon?

Para sa karagdagang kaalaman at impormasyon, bisitahin ang <https://study.com/academy/lesson/social-justice-lesson-for-kids-definition-issues-examples.html>



Isaisip


Gawain 4

Panuto: Mula sa iyong mga pagkatuto sa babasahin, punan ng angkop na salita ang pangungusap sa ibaba upang mabuo ang Batayang Konsepto.

Mga Salitang Pagpipilian:

katarungang	dignidad	katotohanan
pagmamahal	pananagutan	

Ang Paggalang sa _____ ng tao, _____, pagbibigay halaga sa _____ at pagkakaisa ay patunay na pagpapakita ng _____ sa kapuwa at kalipunan upang makamit ang _____ Panlipunan.



Isagawa

Gawain 5

Panuto: Magbigay ng iyong saloobin/pagkaunawa/ damdamin sa pamamagitan ng isang talata/*paragraph* tungkol sa unang saknong ng kantang may pamagat na “Pananagutan” na binuo ni Fr. Eduardo P. Hontiveros. Makikita mo ang liriko ng awitin gamit ang link <https://genius.com/Jamie-rivera-pananagutan-lyrics> na ito. Iugnay ang iyong natutunan sa araling ito ukol sa pagiging mapanagutan sa katarungang panlipunan.

Isulat ang iyong sagot sa kwaderno o sagutang papel. Gamitin ang inihandang rubrics para sa pagbigay ng iskor sa nagawang aktibiti.



Mga Tala para sa Guro

Sa gawaing ito, mahalagang ipaliwanag ng guro sa mag-aaral ang gamit ng rubriks.

	Nangangailangan ng pagpapabuti (1)	Mahusay (2)	Napakahusay (3)
Nilalaman ng refleksyon	Nangangailangan ng malinaw na paglalahad ng nilalaman ng refleksyon na nauugnay sa paksa.	Mahusay ang paglalahad ng iilang konsepto na may kaugnayan sa paksa.	Napakahusay ang paglalahad ng kabuuang konsepto na naaayon sa paksa.
Kaayusan	Hindi maayos ang pagkasunod-sunod ng mga ideya.	Di-gaanong maayos ang pagkasunod-sunod ng mga ideya.	Napakaayos ang pagkasunod-sunod ng mga ideya.
Wastong gamit ng wika <ul style="list-style-type: none">• <i>Baybay</i>• <i>Bantas</i>• <i>Balarila</i>• <i>Pamantayan sa wastong pagsulat ng talata</i>	Nangangailangan ng ibayong kaalaman sa wastong gamit ng wika at pagsulat.	Mahusay at kinakitaan ng kaalaman at nasunod ang wastong gamit ng wika at pagsulat.	Napakahusay at kinakitaan ng malawak na kaalaman sa paggamit ng wika at pagsulat.



Tayahin

Gawain 6: LAGUMANG PAGSUSULIT

Ang gawaing ito ay hango sa paunang pagsusulit na naglalayong masukat ang lawak ng iyong kaalaman.

Panuto: Basahin at unawain ang bawat pahayag. Pagkatapos, piliin ang titik ng pinakaangkop na sagot.


1. Kung magpapatuloy ang pagsasawalang-kibo ng marami sa mga nakikitang katiwalian sa ating pamahalaan, ano ang maaring mangyari sa atin?
 - a. Patuloy na dadami ang mga gumagawa ng katiwalian sa pamahalaan.
 - b. Hindi maipagkaloob sa mamamayan ang serbisyo at proyekto
 - c. Aalis sa bansa ang mga dayuhang mamumuhunan
 - d. Aangat ang kabuhayan sa bansa
2. Tungkulin ng bawat isa na tumulong sa mga nangangailangan. Ito ay _____.
 - a. ideya lamang at hindi maaari
 - b. tama dahil ikaw ay tao
 - c. nauukol dahil iginagalang mo ang karapatan ng bawat isa
 - d. hindi tunay dahil nasa konteksto lamang
3. Alin sa mga sumusunod ang kadalasang pinag-uugatan ng katiwalian ng ilang opisyal ng pamahalaan?
 - a. Kawalan ng malasakit sa mga mamamayan
 - b. Pagsasawalang kibo ng mga mamamayan sa anomalyang nakita
 - c. Mababang sweldo at kahirapan
 - d. Taglay na pagiging makasarili at ayaw magsakripisyo
4. Ang pangunahing prinsipyo ng katarungan ay:
 - a. Pakikipagtulungan sa mga mayayaman
 - b. Paglilingkod sa Karapatan ng naaapi
 - c. Pakikipag-ugnayan sa kapwa at sa kalipunan
 - d. Pakikisalamuha sa kapwa
5. Ang may pananagutan sa mga pagtugon ng pangangailangan sa kapwa ay:
 - a. Sangkatauhan
 - b. Kapulisan
 - c. Pamahalaan
 - d. Simbahan
6. Ang tamang pagtugon sa pagkamit ng Katarungan ay:
 - a. Ikulong ang lumabag sa batas
 - b. Patawarin ang humingi ng tawad
 - c. Sumunod sa tamang proseso ng batas
 - d. Bigyan ng limos ang namamalimos

7. Ang pagbibigay ng nararapat sa kapwa ay pagpapakita ng Katarungan. Alin ang patunay dito?
 - a. May “feeding of love” ang Boy Scouts sa paaralan para sa mga mag-aaral na kulang ng timbang.
 - b. May bumili sa lahat ng paninda ng tindera sa palengke upang makauwi ito nang maaga.
 - c. Pinayuhan ang kaklase na gawin ang kanyang proyekto ng maayos
 - d. Kumakain ng sabay-sabay ang isang pamilya

8. Alin sa mga pagpapahalaga ang susi upang matugunan ang pangangailangan ng kapwa/lipunan?
 - a. Pagmamahal, Sipag at Kapayapaan
 - b. Pagkakaisa, Katotohanan at Kapayapaan
 - c. Paggalang sa Dignidad, Tiyaga at Bukod-Tangi
 - d. Pagkakaisa, Disiplina at Kapayapaan

9. Alin ang patunay na hindi pagtugon sa pagiging makatarungan?
 - a. Ang pagbibigay ng limos sa pulubi sa kalye
 - b. Ang pagpatay sa mga nahuling kargador ng droga sa Malaysia
 - c. Ang pagbibigay ng bagsak na grado sa hindi nakakatupad sa mga kakailanganin sa klase
 - d. Ang pag-unawa sa kaibigan ng lumisan sa klase dahil may sakit

10. Alin ang hindi patunay na tayo ay may tungkulin na ibigay ang nararapat sa ating kapwa o pamayanan?
 - a. Ibibigay ko ang aking sarili upang mapabuti ang katarungang panlahat.
 - b. Taglay ko ang kamalayang dapat kong isaalang-alang lalo na ang may kaugnayan sa likas na batas moral
 - c. Kinikilala ko at iginagalang ang mga karapatan ng ibang tao
 - d. Tinutupad ko ang aking mga pangako sa buhay.



Karagdagang Gawain

Gawin 7

Panuto: Bilang isang kabataan, paano ka makatutulong sa pagtugon ng pangangailangan ng iyong kapwa o pamayanan sa bawat angkop na pagkakataon? Bumuo ng 3 hakbangin na iyong isasagawa. Isulat ito sa mga nakalaang kahon gaya sa ipinakitang halimbawa. Magsimula sa ibaba.

Mapanagutang Nilalang

3.

2.

1. *Hal. Handa akong magbigay ng aking sarili upang makatulong sa pagpapabuti ng kapakanan o buhay ng aking kapwa.*




Mga Tala para sa Guro

Sa gawaing ito, mahalagang ipaliwanag ng guro sa mag-aaral ang gamit ng rubriks.

Rubrik sa pagtataya ng nakasulat na Hakbang

5 (Natatangi) 4(Napakahusay) 3(Mahusay)
2(Kasiya-siya) 1(Hindi kasiya-siya)

Saligan/ Criteria	Puntos
1. Naipahayag ang natutuhan sa aralin	
2. Natukoy ang mga dapat na isasagawa para sa pagtugonan ang pangangailan	
3. Nakabuo ng mga hakbang sa pagtugon	
4. Nagawa ng maayos at malinis ang gawain	
5. Nakasunod sa bawat panuto	
Kabuuan	



Susi sa Pagwawasto

<p>Subukin</p> <p>1. C 2. C 3. D 4. B 5. C 6. D 7. C 8. B 9. B 10. A</p>	<p>Pagymanin</p> <p>1. Tama 2. Mali 3. Mali 4. Tama 5. Tama 6. Mali 7. Tama 8. Mali 9. Tama 10. Mali</p>	<p>Tayahin</p> <p>1. B 2. C 3. A 4. B 5. A 6. D 7. A 8. B 9. C 10. D</p>
---	---	---

Sanggunian

Aklat:

Kagawaran ng Edukasyon, Republika ng Pilipinas, Edukasyon sa Pagpapakatao 9, Modyul para sa mag-aaral. Unang Edisyon 2015,(pp. 129-146). FEP Printing Corp.

Module:

Project EASE: Edukasyon sa Pagpapahalaga III, Modyul 8 pah 11; Modyul 14 pah 3; Modyul 7 pah 12; Modyul 13 pag 5

Website:

[https://en.m.wikipedia.org>wiki> Eduardo_Hontiveros](https://en.m.wikipedia.org/wiki/Eduardo_Hontiveros)

[https://en.m.wikipedia.org>wiki>Andres_Bonifacio](https://en.m.wikipedia.org/wiki/Andres_Bonifacio)

mbautista.blogspot.com/2008/01/pananagutan-and-fr-hontiveros.html

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph